

**PATALASTAS SA MAGULANG/MAG-AARAL
KARAPATAN SA ILALIM NG SEKSIYON 504
(PORMULARYO 504-1)**



Ang Batas sa Pagsasaayos ng 1973 ("Batas") karaniwang tinutukoy na "Seksiyon 504," ay isang batas sa diskriminasyon na isinabatas ng Kongreso-ng Estados Unidos. Ang layunin ng Batas ay ipagbawal ang diskriminasyon at siguruhin na ang mga mag-aaral na baldado ay mayroong pagkakataon sa edukasyon at benepisyo kapareho doon sa mga ibinibigay sa mga hindi baldadong mag-aaral.

Ito ay isang patalastas sa inyong karapatan sa ilalim ng Seksiyon 504. Ang dokumentong ito ay walang intensiyon na sabihin ang karapatan na ibinibigay sa ilalim ng Batas sa Edukasyon sa mga Taong Baldado ("IDEA") na nauukol sa mga mag-aaral na may karapatan sa mga espesyal na serbisyo sa edukasyon. *Ang Patalastas ng Espesyal na Edukasyon na Pamamaraang Pangkaligtasan para sa mag-aaral at Kanilang Pamilya*, ng Tanggapan ng Superintendente ng Pamublikong Pagtuturo ng Distrito ("OSPI") ay nakukuha sa Departamento ng Espesyal na Edukasyon ng Distrito at sinasabi ang mga karapatan na sinisiguro ng IDEA. Ang layunin ng Patalastas na ito ay upang ipahayag ang mga karapatan na sinisiguro ng Seksiyon 504 sa mga baldadong mag-aaral na mayroong kapansanang pisikal o pangkaisipan na lumilimita ng malaki sa isa o higit pang mahalagang aktibidad ng buhay na walang karapatan sa ilalim ng IDEA.

Ang Pederal na mga batas at alituntunin ay nagbibigay sa mga magulang at mag-aaral ng mga sumusunod na karapatan:

1. Mayroon kayong karapatan na mapatalastasan ng Distrito ng Paaralan ng Seattle ("Distrito") ng inyong karapatan sa ilalim ng Seksiyon 504 at (ang layunin ng patalastas na ito ay payuhan kayo sa mga karapatang iyon.
2. Mayroon kayong karapatan na isali ang inyong anak sa at makinabang sa programang edukasyon ng Distrito na walang diskriminasyon batay sa pagkabalda.
3. Mayroon kayong karapatan na tumanggap ng patalastas bago gumawa ng aksiyon ang Distrito tungkol sa pagkakakilanlan, pagtatasa, at/o pagtatalaga ng inyong anak.
4. Ang inyong anak ay may karapatan sa isang pagtatasa bago ang unang pagtatalaga sa ilalim ng Seksiyon 504 at anumang sumusunod na malaking pagbabago sa pagtatalaga. Mayroon kayong karapatan na tumanggi ng pahintulot para sa unang pagtatasa at unang pagtatalaga sa inyong anak.
5. Mayroon kayong karapatan na hayaang tumanggap ang inyong anak ng libreng edukasyong publiko ("FAPE"). Kasama dito ang karapatan ng inyong anak na matuto kasama ang mga mag-aaral na hindi baldado hanggang sa pinakamataas na angkop na taas. Kasama din ang karapatan sa pagbibigay ng Distrito ng may kaugnayang mga tulong at/ o serbisyo para magkaroon ang inyong anak ng pantay na pagkakataon na sumali sa mga aktibidad sa paaralan, pang edukasyon at/ o may kaugnayang mga tulong at serbisyo ibinibigay sa inyong anak na walang bayad maliban sa mga bayad na ipinapataw sa mga magulang at/o tagapag-alaga ng hindi baldadong mga bata.
6. Ang inyong anak ay may karapatan sa mga pasilidad, serbisyo, at/o aktibidad na maaaring maitutulad doon sa mga ibinibigay para sa hindi baldadong mag-aaral.

7. Mayroon kayong karapatan na magkaroon ng pagtatasa, pang edukasyon, at/o desisyon sa pagtatalaga para sa inyong anak batay sa mga impormasyon mula sa iba't ibang mapagkukunan, ng mga grupo ng tao na kilala ang inyong anak, ng mga datos ng pagtatasa ng inyong anak, at/o opsiyon ng pagtatalaga.
8. Mayroon kayong karapatan na hayaaan ang inyong anak ng mabigyan ng pantay na pagkakataon na makasali sa hindi akademiko at iba pang dagdag na aktibidad na inaalok ng Distrito.
9. Mayroon kayong karapatan na masuri ang rekord sa edukasyon ng inyong anak at magkaroon ng kopya ng nasabing mga rekord. Mayroon din kayong karapatan na makatanggap ng sagot sa makatwirang pakiusap para sa pagpapaliwanag at pagbibigay kahulugan ng tala sa edukasyon ng inyong anak.
10. Mayroon kayong karapatan na makiusap sa Distrito na baguhin ang tala sa edukasyon ng inyong anak kung naniniwala ka na ito'y mga hindi tama, nakalilito at/o kung labag sa karapatang pag-iisa ng inyong anak. Kung tinanggihan ito ng /distrito, mayroon kayong karapatan na hamunin ang pagtanggap iyon sa ilalim ng Batas ng Karapatan sa Edukasyon ng Pamilya at Pag-iisa ("FERPA").
11. Mayroon kayong karapatan na humingi ng pamamagitan o isang walang kiling na pagdinig na may kinalaman sa aksiyon ng Distrito tungkol sa pagkakakilanlan, pagtatasa, at/o edukasyonal na pagtatalaga sa inyong anak na may pagkakataon na makasali ang inyong magulang sa pagdinig at pagkatawan ng abogado.
12. Kung gusto mong hamunin ang aksiyon ng Distrito tungkol sa pagkakakilanlan, pagtatasa, at/o edukasyonal na pagtatalaga, kailangan mong magbigay ng nakasulat na pakiusap para sa isang pagdinig kay Carole Rusimovic, Seksyon 504 Tagapamahala ng Programa, MS 32-151, P.O. Box 34165, Seattle, Washington 98124-1165 gamit ang Pakiusap para sa isang Pagdinig (Pormularyo 504-7). Ang isang pagdinig ay itatakda sa harap ng isang walang kinikilingan na opisyal ng pagdinig at ikaw ay papatalastasan ng nakasulat ang petsa, oras, at lugar ng pagdinig.
13. Kung hindi mo sinang-ayunan ang desisyon ng walang kinikilingan na opisyal ng pagdinig, mayroon kang karapatan na suriin ang desisyon na iyon ng isang hukuman na may kakayahan sa kapangyarihan. Kung ikaw ay nanalo sa isang karapatang sibil na demanda laban sa Distrito, mayroon kang karapatan na humingi ng kabayaran na bayad sa abogado sa pamamagitan ng hukuman.
14. Mayroon kang karapatan na magsampa ng lokal na karaingan o reklamo sa Departamento ng Tanggapan ng Edukasyon sa Karapatang Sibil ng Estados Unidos o magsampa ng reklamo sa pederal na hukuman. Ang direksiyon ng Tanggapan Pampook na sumasakop sa Seattle ay:

U.S. Department of Education
Office of Civil Rights
915 Second Avenue, Room 3310
Seattle, Washington 98174-1099
Phone: (206) 607-1600
Website: www.ed.gov/OCR
Email Address: OCR.seattle@ed.gov